



Patakarán

Patakarán Blg.:	P200-19-1	Uri ng Patakarán:	Finance/Customer Service
Pamagat ng Patakarán:	Mga Delinkwenteng Account		
Paglalarawan ng Patakarán:	Nagbibigay ng patnubay para sa pangongolekta ng mga delinkwenteng account, kasama ang pagbigay ng mga abiso, fees, at pagputol ng water service.		
Petsa ng Pagpapatibay:	11/14/19	Petsa ng Resolusyon na Pinagpawalang-bisa:	
Blg. ng Adoption Resolution (Resolusyon ng Pagpapatibay):	08-19	Blg. ng Resolusyon na Pinagpawalang-bisa:	
Petsa ng Susunod na Review:	2021		

Background:

Ang Scotts Valley Water District ay pinamamahalaan ng California Government Code Sections 60370 - 60375.5 sa pangongolekta nito ng bayad sa mga delinkwenteng account. Bukod pa rito, bilang isang urban o community water system na nagsu-supply ng tubig sa mahigit sa 200 service connections, ang District ay pamamahalaan din ng Senate Bill 998 at ng Government Code Sections 116900 – 116926 simula Pebrero 1, 2020, ayon sa batas.

Ang District ay matatawagan sa (831) 438-2363 upang matalakay ang mga opsyon para maiwasan ang maputulan ng water service dahil hindi nagbayad, sa ilalim ng mga tadhana ng patakarang ito.

Patakarán sa mga Delinkwenteng Account:

Ang mga delinkwenteng account ay anumang account na hindi binabayaran (at para kung saan walang ginawang payment arrangements [pinagkasunduang paraan ng pagbabayad] o walang itinatag na alternatibong iskedyul ng pagbabayad) pagkatapos ng araw ng negosyo sa ika-21 araw pagkatapos inisyu ang water bill. Ang mga sumusunod na patakarán ay aaplay sa mga delinkwenteng account:

1. Small Balance Accounts:

Ang anumang balance sa isang bill na \$25 o mas mababa ay maaaring i-carry over at idagdag sa susunod na billing period nang hindi inaaseso ng late fee o nang hindi nagreresulta sa karagdagang collection action.

2. Late Fee (Multa para sa Nahuling Pagbabayad):

Kung ang bayad para sa isang bill ay hindi pa natatanggap sa pagtapos ng araw ng negosyo sa ika-21 araw pagkatapos inisyu ang bill, mag-aaseso ng late fee. Ang bill date at petsa kung kailan delinkwente ay madaling makikita sa bill. Kapag minultahan ng late fee, ang District ay magpapadala sa customer

ng isang Past Due na sulat kung saan nakalagay ang hindi pa nababayaranang balance sa account; madaling makikita sa sulat ang late fee.

3. Waiver ng Late Fee:

Kapag hiniling ng customer, maaaring i-waive ng District ang late fee kung may mga dahilang pangyayari.

4. Mga Alternatibong Payment Arrangement o Pagkakasunduang Paraan ng Pagbabayad:

Ang sinomang customer na hindi makakapagbayad para sa water service sa loob ng karaniwang panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng payment arrangement. Isasaalang-alang ng District ang mga pangyayari na may kinalaman sa kahilingan at magpapasiya ito kung may dahilan para sa payment arrangement.

Kapag nag-certify ang Primary Care Provider (General Practitioner, Obstetrician, Gynecologist, Pediatrician, Family Practice Physician, Primary Care Clinic, Hospital, o Outpatient Clinic) na ang pagputol ng serbisyo ay mapanganib sa buhay o isang malubhang pagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng sinomang naninirahan sa lugar na may water service, ang District ay sasang-ayon sa isang payment plan.

Ang mga payment arrangement na tumatagal hanggang sa susunod na billing period ay isinasaalang-alang na Promissory notes. Ang Promissory notes ay dapat nakasulat at dapat pirmahan ng customer. Sa Promissory notes, ang hindi pa bayad na balance ay amortized o babayaran sa loob ng isang panahon na hindi lalampas ng 12 buwan mula sa petsa ng bill. Dapat sundin ng customer ang mga tadhana ng Promissory note at dapat niya patuloy na bayaran ang mga singil na lumalabas sa bawat sumusunod na billing period. Ang customer ay hindi maaaring humingi ng karagdagang amortization ng anumang susunod na hindi pa nababayaranang singil habang binabayaran niya ang mga delinkwenteng singil alinsunod sa isang Promissory note. Kapag hindi tinupad ang mga tadhana ng isang Promissory note, magpapadala ang District ng isang nakasulat na abiso ng pagputol ng tubig sa anyo ng isang door hanger na ipapadala sa tirahan makaraan 7 araw ng negosyo bago putulin ang serbisyo.

5. Nakasulat na Abiso ng Pagputol ng Tubig

Hindi puputulin ng District ang water service kapag hindi nagbayad hangga't ang customer ay naging delinkwente nang 60 araw man lamang. Makatwirang pagsisikapan ng District na kontakin ang customer sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat nang pitong (7) araw ng negosyo man lamang bago nito putulin ang water service dahil hindi nagbayad. Ang nakasulat na abiso ng pagputol ng tubig ay ipapadala sa mailing address at sa address na binibigyan ng serbisyo.

6. Dalawampu-t Apat (24) na Oras na Abiso na Puputulan ng Tubig:

Makatwirang susubukang abisuhan ng District ang customer 24 oras bago nito putulin ang water service kapag hindi nagbayad. Ang mga customer ay aabisuhan sa telepono o sa email.

7. Deadline para sa Pagputol ng Tubig

Ang lahat ng mga delinkwenteng singil para sa water service at fees na may kinalaman dito ay dapat matanggap ng District bago mag-5:00 pm sa araw na nakapahayag sa nakasulat na abiso ukol sa pagputol ng serbisyo.

8. Pagputol ng Water Service dahil Hindi Nagbayad

Puputulin ng District ang water service sa pamamagitan ng pagkandado sa metro. Ang customer ay sisingilin ng fee upang ibalik ang serbisyo, pinatay man ang metro o hindi.

9. Muling Pagpapakabit ng Serbisyo

Ang customer ay dapat magbayad ng reconnection fee upang ibalik muli ang serbisyo na pinutol dahil hindi nagbayad. Ibabalik ng District ang serbisyo sa lalong madaling panahong maaari; ito'y hindi lalampas ng katapusan ng susunod na regular na araw ng negosyo pagkatapos bayaran ang anumang past due na halaga at mga delinkwenteng fee. Ang Water Service na kinabit muli ng sinomang iba maliban sa mga tauhan ng District, o nang walang pahintulot ng District, ay maaaring multahan o maaaring mapailalim sa karagdagang singil o fees. Ang anumang sira na mangyayari bilang resulta ng hindi awtorisadong muling pagkabit ng serbisyo ay pananagutan ng customer.

10. Muling Pagpapakabit ng Serbisyo Pagkatapos ng Mga Oras ng Negosyo

Ang serbisyo na ibabalik pagkatapos ng 4:00 pm Lunes hanggang Biyernes, o kahit kailan sa Sabado't Linggo at mga piyesta opisyal, ay sisingilin ng after-hours reconnection fee. Ang serbisyo ay hindi ibabalik pagkatapos ng mga regular na oras ng negosyo maliban kung sinabihan ang customer tungkol sa after-hours reconnection fee at pumirma siya sa kasunduan kung saan tinatanggap niya ang fee at sumasang-ayon siyang kontakin ang billing department ng District bago ng tanghali sa susunod na araw ng negosyo upang bayaran ang subject fee. Ang after-hours reconnection fee ay bukod pa sa regular na reconnection fee at late fee para sa isang past due account. Ang tauhan ng District na sumasagot sa service calls ay hindi pinahihintulatang mangolekta ng bayad pero sasabihin nila sa customer na kontakin ang billing department sa susunod na araw ng negosyo bago magtanghali.

11. Abiso para sa Tumalbog na Tseke

Kapag nakatanggap ang District ng tumalbog na tseke bilang bayad para sa water service o iba pang mga singil, ituturing ng District na hindi pa bayad ang account. Makatwirang susubukang abisuhan ng District ang customer sa telepono o sa email tungkol sa tumalbog na tseke. Magpapadala sa mail ng nakasulat na abiso ng pagputol ng serbisyo. Kung hindi makontak ng District ang customer, pagsisi-kapan nitong bisitahin ang residence at mag-iwan ng abiso ukol sa pagputol ng serbisyo.

Ang water service ay puputulin kung ang halaga ng tumalbog na tseke at ang singil para sa tumalbog na tseke ay hindi binayaran sa petsa (o bago dumating sa petsa) na nakasulat sa abiso ng pagputol ng serbisyo. Ang lahat ng mga halagang babayaran para sa tumalbog na tseke at upang bayaran ang singil para sa tumalbog na tseke ay dapat bayaran ng cash, credit card, o certified funds.

12. Mga Pinagtatalunang Bill

Kung pinagtatalunan ng isang customer ang singil sa tubig at ginamit niya ang kanyang karapatang mag-apela sa Board of Directors, hindi puputulin ng District ang water service dahil hindi nagbayad habang pending pa ang appeal.

Petsa ng Pagkabisa: 02/01/20